

PROLOGUE

Walang habas ang ginawang pagtakbo ni Eleonora habang patuloy ang mga mata niya sa pagluha. Nililipad ng hangin ang mahaba at kulot niyang buhok at humahakab na sa kanyang balingkinitang katawan ang suot niyang puting bestida. Halos natanggal na rin ang mga bulaklak na inilagay niya sa kanyang buhok at hindi na rin niya matandaan kung nasaan ang pumpon ng bulaklak na tangan niya kanina.

Paanong nangyari na ang magiging pinakamasayang araw sana ng buhay niya ay nauwi sa isang trahedyang?

Hindi niya inaasahan ang pagdating ng kanyang papa sa munisipyo kung saan sila nakatak dang ikasal ni Miguel. Ang unang akala niya ay babawiin nito ang alahas na dinala niya sa pagtatanan nila ng nobyo. Buo na sa isipan niya na ibigay ang mga heirlooms na minana niya mula sa kanyang mama basta hayaan lamang sila ng kanyang mapapangasawa. Subalit nagimbal siya nang sabihin ng ama na umalis si Miguel kaninang madaling araw, dala ang mga alahas. Nang una ay hindi siya naniwala. Oo nga't

mahirap lamang ang binata—isa itong papasikat na pintor na nakilala niya sa isang exhibit sa bayan—ngunit sa ilang araw na pagsasama nila ay hindi niya ito nakitaan ng pagiging gahaman sa salapi. Tila kuntento na ito sa sining at sa kanya. Kaya inisip niyang imposible ang sinabi ng ama.

Mula sa bulsa nito ay may iniabot itong papel. Kopya iyon ng mga pasahero ng barko pa-Visayas. Sa nanginginig na mga kamay ay binasa niya iyon at halos malugmok siya sa sahig nang makita ang pangalan ng kanyang mapapangasawa at katabi niyon ay ang pangalan ng babaeng iyon.

Halos takbuhin niya ang pier, napaluhod siya sa sahig nang makita ang papalayong barko.

“Pinagbigyan ka na namin sa gusto mo, Elen, subalit niloko ka lang ng lalaking iyon. Ngayon ay kailangan mo namang sumunod sa kagustuhan namin. Magpapakasal kayo ni Leofoldo dela Luna sa lalong madaling panahon para mapagtakpan natin ang kahihiyang dinala mo sa pamilya,” anang ama habang itinatayo siya mula sa pagkakaluhod sa kalsada.

Pinunasan niya ang kanyang mga mata, bigla ay lumukob ang galit sa kanyang puso dahil sa mga pangarap niya na winasak ng lalaking lumisan. Hindi

niya ito mapapatawad.

“Huwag kang mag-alala, Pa, gagawin ko ang gusto ninyo,” matigas niyang saad.

Ngumiti ang kanyang ama, inakay siya nito sa naghihintay na sasakyan. Nilingon niya ang papalayong barko habang binubuo ang isang pangako sa kanyang sarili.

1

“Narito na tayo, Ineng.” Dahan-dahang iminulat ni Alexa dela Luna ang kanyang mga mata nang sa wakas ay tumigil na ang paragos na siyang sinakyan niya patungo sa bukana ng Sitio Palay. She had been walking for two long hours and cursing all day because of the unfortunate event that led her to this godforsaken place.

Kung sana lang nakinig siya at hindi na nagpumilit na mag-commute mag-isa. Kung sana lang inalam niya muna kung anong klaseng lugar ang kanyang pupuntahan. At kung sana lang hindi siya nagpadala sa hamon na iyon ni Jacob Bernardino, malamang wala siya sa gusot na kinasusuotan niya ngayon.

Bumaba siya mula sa paragos na hila-hila ng kalabaw at bahagyang pinagpagan ang suot na pink *Frock* dress. Napanganga siya nang makita ang bukana ng sitio, it looked like a ghost town. She swallowed hard and then turned to the man in the cart.

“Manong, baka puwede hong ihatid na ninyo ako hanggang sa loob?” She flashed her famous commercial smile to the man. Tila naengkanto ito sa ngiti niya, subalit napakamot ito sa ulo at umiling.

“Pasensya ka na, Ineng, pero hanggang dito na lang talaga ang kalabaw ko. Baka kasi gabihin ako sa daan kung ihahatid pa kita hanggang sa dulo. Magtanong-tanong ka na lang sa mga tao diyan, siguradong kilala nila si Doc,” anito.

Nagpakawala siya ng hininga at dinampot ang kanyang bag. Inilabas niya mula roon ang kanyang wallet at naglabas ng dalawang lilibuhin.

“Tanggapin ninyo ito, Manong.” Iniabot niya ang pera sa matandang lalaki. Marahil ay sapat na iyon kapalit ng tulong na ibinigay nito sa kanya.

Pinakatitigan siya ng matanda na animo bigla siyang nagkaroon ng tatlong sungay sa ulo. Napailing ito bago hinila ang renda ng kalabaw.

Hinabol niya ito upang muling alukin ng pera. “Kulang pa ho ba ito?” Hinalungkat niya ang kanyang wallet at naglabas pa ng ilang libong piso. Kunsabagay, kung hindi ito dumating at tumulong sa kanya ay malamang na naglalakad pa siya hanggang ngayon sa masukal na daan na iyon. Kung bakit kasi nagmatigas pa siya na huwag isama ang kanyang assistant na si Meg.

Nginitian siya ng matanda subalit may kung anong ekspresyon ang nasa mga mata nito. “Hindi

ko kailangan ang pera mo, Ineng. Bueno, mag-ingat ka na lang sa paglalakad mo.” Iyon lang at pinalakad na nito ang kalabaw.

“Is he crazy? Who doesn’t need money?” Inis na ibinalik niya sa kanyang wallet ang pera at pumasok na sa arko ng Sitio Palay. Kagaya ng nadaanan niya kanina ay halos walang katapusang rice fields din ang naabot ng kanyang mga mata. At kung may mga bahay man ay parang nasa gitna ang mga iyon ng taniman.

Narinig niyang tumunog ang kanyang tiyan. It was past four now. No wonder she was hungry. Kape lang at toast ang kinain niya kaninang madaling araw at dahil sadyang hindi naman siya mahilig kumain ay ni hindi na niya naalala ang lunch.

“What are you going to do now, Alexa?” tanong niya sa sarili habang naglalakad. Kailangan niyang makahanap ng tao na maaaring mapagtanungan dahil malapit nang gumabi.

Mukhang walang kuryente sa lugar at tiyak na madilim ang mga daan tuwing gabi. She was afraid of the dark. A shiver ran down her spine as she imagined herself alone in this dark and endless road. Ni hindi nga siya makatayo kapag nasa isang madilim na lugar. What if biglang may lumitaw na kapre, or worse,

manananggal mamayang gabi at kunin siya? *Shit!*

That was the reason why she hated ramp modelling. Madalas kasi ay kailangan nilang tumayo sa madilim na lugar hanggang sa i-focus sila ng camera. Kailangan lang niyang magkunwaring matapang dahil masisira ang image niyang palaban kung malalaman ng madla na takot siya sa dilim.

Mas binilisan niya ang paglalakad hila ang kanyang *Louie Vuitton* luggage. Her assistant would probably cry a river this time dahil nagasgasan na ang bag na matagal na nitong inaarbor sa kanya. Perhaps she would give it to Meg if she made it home. It was a relief that she packed some clothes. Ang plano sana niya ay mag-check in na lang sa isang hotel at doon makipagkita sa lalaki subalit ni wala kahit na maliit na hotel ang bayang iyon. Worse, sinabihan siya ni Doctor Jacob Bernardino—nang sa wakas ay ma-contact na niya ito—na kailangang sadyain niya ito dahil siya umano ang may kailangan. Ibinigay ng lalaki ang address kung saan niya ito matatagpuan. She had expected to see him in a hospital. Malay ba niya na nasa isang liblib na lugar ang klinika nito.

Again, if not for the damn ruby brooch that had belonged to her grandmother's family since the Spanish era, she would have been in an exclusive spa

pampering herself or having a night out with her girl pals. Mas kaya niyang i-tolerate ang pakikipagplastikan sa mga kasamahan niya sa industriya kaysa maglakad sa initan na walang kasiguruhan kung makikita ang lalaking iyon.

She tried to contact the bastard subalit parang sinasagad talaga nito ang pasensya niya dahil hindi nito sinasagot ang kanyang tawag. She really couldn't believe this was happening to her!

She, Mara Alexa dela Luna, was one of the heiresses of the *DL Conglomerate*. She had been treated like a princess from the cradle, been the hottest *It* girl in the fashion world. And he dared treat her as if she was unimportant. Alam ba nito kung gaano karami ang nais magpapansin sa kanya? Alam ba nito kung gaano kalaki ang ibinabayad sa ngiti niya?

Naikuyom niya ang kanyang mga kamay sa sobrang inis. He would surely pay for this, no one messed with her and lived to get away with it.

Nagpatuloy siya sa paglalakad habang nagdarasal na sana ay may makasalubong siya na puwedeng mapagtanungan, at sana ay marating na niya ang kanyuang pakay.

Napaungol si Jacob nang biglang bumuhos ang malakas na ulan habang minamaneho niya ang kanyang pulang *Nissan Frontier*. Ngayon niya nararamdaman ang pagod sa maghaponng konsultasyon na idinaos sa kabilang bayan. Bilang volunteer ay talagang nag-enjoy siya sa pagtulong lalo na at nababanaag niya ang kasiyahan sa mga taong naging beneficiary ng medical mission na iyon. He had felt a sense of fulfillment with the knowledge that he had saved a life today. Marahil ay hindi nga ganoon kagrabe ang mga karamdaman ng ginamot nila pero masaya pa rin siya na nakatulong sila.

Kung hindi lang sa *Operation Tuli* na gagawin bukas sa Sitio Palay ay malamang na sumama siya sa iba pang mga volunteers na kapwa doctor na magpalipas ng gabi sa isang sikat na camp site. Nami-miss na rin niya ang company ng mga kapatid sa propesyon, pero kagaya nga ng sinumpaang nila, duty comes first.

Pinunasan niya ang windshield dahil halos hindi na niya makita ang daan sa sobrang lakas ng ulan. Madilim na madilim ang kalsada. Maputik at mabato rin ang naturang daan, senyales na sadyang kinalimutan na ng mga pagbabago ang naturang sitio. Halos dalawang taon na mula nang magpasya siyang tumira sa Sitio Palay. It was not easy but he had no

regrets because finally, he was able to do what he loved best. Iyon ay ang maglingkod, ang manggamot nang libre sa abot ng kanyang makakaya.

Sitio Palay was one of the poorest places in the country. It had no luxurious hotels and amusements to offer. Wala ring malaking hospital doon. There was a single dilapidated building the townspeople called a school. Life in it was quiet and simple.

Marahil nga ay kulang na kulang iyon sa matatawag na modernong pamumuhay ng mga tagasiyudad, subalit naroon ang pagkakaisa ng mga tagaroon gaano man kalayo ang mga bahayan. Tila handang magdamayan ang lahat sa kahit na anumang problema. The people were humble and peaceful. Iyon marahil ang isa sa mga dahilan kung bakit iniwan niya ang pangangasiwa sa mga hospitals na pagmamay-ari ng kanilang pamilya upang magtayo ng klinika sa lugar na iyon. Napangiti siya, so far he was enjoying his stay on the place. Sana nga lang ay mapalagyan na ng mga ilaw ang lugar para mas madali ang pagda-drive sa gabi.

Muntik na siyang mapasubsob sa dashboard nang bigla niyang apakan ang preno. Napamura siya at huminga nang malalim bago dahan-dahang tiningnan ang front mirror ng sasakyan niya. It must

have been his imagination. There was no way he'd seen a girl walking around in the middle of the night wearing a sack. Nahigit niya ang kanyang hininga nang makita pa rin doon ang babae at mabibilis ang mga hakbang nito patungo sa kanya.

Kinatok nito ang salamin ng sasakyan niya subalit hindi niya ito pinagbuksan. Malay ba niya kung masamang tao ito? Mas nilakasan ng babae ang pagkatok while mouthing help. Sa huli ay hindi rin siya nakatiis, ibinaba niya ang bintana. She was soaking wet and it was dark so he really couldn't see her face.

“Ano'ng problema, Miss?” tanong niya.

“Please, Mister, baka naman puwede akong maki-hitch. I was lost looking for someone at inabutan na ako ng ulan sa daan.” She was shivering from the cold. Halos hindi na ito makatayo at nanginginginig na rin ang pang-ibabang labi.

Bumaba siya ng sasakyan upang tulungan ito kahit na halos nagngangalit ang kalangitan sa tindi ng ulan na ibinabagsak niyon. Inakay niya ang babae patungo sa passenger seat, ramdam niya ang panginginginig sa malamig na balat nito. She must have been soaked for a very long time. Suwerte lang at nakita niya ito because she could've died of

hypothermia.

“Ex... excuse me, iyong bag ko...” anito, pilit itinatago ang paggaralgal ng tinig.

Lumingon siya at nakita ang luggage nito, mabilis niyang kinuha ang gamit at ipinasok iyon sa sasakyan.

Sumunod na siya rito at inabutan ito ng tuwalya upang mapatuyo ang sarili. Tumaas ang isang sulok ng bibig niya nang pagmasdan lang nito ang tuwalyang ibinigay niya. Halatang-halata ang pag-aalinlangan sa mukha nito.

“Don’t worry, it’s clean,” tipid na usal niya, hindi niya alam kung ano ang magiging reaksyon sa inaasal ng kanyang pasahero. Kung ibang tao lang iyon ay malamang na nagpasalamat na at walang pag-aalinlangang gagamitin ang tuwalya kesehodang marumi pa iyon.

Ibinalabal nito ang tuwalya sa katawan nito. Panaka-naka’y pinagmamasdan niya ang babae na mukhang nag-fashion show sa pilapil sa suot nitong pink dress. Ni hindi man lang ito nagsalita upang umusal ng pasasalamat o kaya ay ipakilala ang sarili sa kanya. Ipinikit lang nito ang mga mata na animo driver siya nito.

So rude... aniya sa isipan. Pero baka naman

masyado lang itong na-trauma sa pananatili sa ulan at dilim.

But with the set of her shoulders and the high bridge of her small nose, malamang sa hindi, sadyang may attitude problem ang babae. Dahil kung siya ang nasa posisyon nito ay talagang tatanawin niyang utang na loob na may tumulong sa kanya. Sino kaya ang hinahanap nito sa Sitio Palay?

“Are you okay, Miss?” tanong niya. Nagmulat naman ito ng tingin at bahagyang tumango. “Kung hindi mo mamasamain, ano’ng ginagawa mo rito at ano ang pangalan mo?” Itinutok niya ang mga mata sa kalsada. Mahirap na at baka madisgrasya pa silang dalawa.

“I’m Alexa dela Luna, and I’m looking for Doctor Jacob Bernardino. Siguro kilala mo siya, Mister.”

Nahigit niya ang hininga nang marinig ang pangalan niya. Muntik na niyang sabihin dito na siya ang hinahanap nito pero pinigilan niya ang sarili. Binalingan niya ang katabi at muling pinagmasdan. He should’ve realized that it was *her*. Lalo na sa kaarogantehan ng dating nito na siyang dahilan kung bakit asar na asar siya sa babae. Mukhang hindi na siya nito natatandaan. Magtatanong sana siya kung ano ang sadya nito sa kanya nang bigla itong

magsalitang muli. She was on the brink of throwing a tantrum. Napaismid siya.

Typical spoiled, rich girl.

“I will really kill that bastard. How dare he treat me like this? Kasalanan ng buwisit na lalaking iyon kaya na-stranded ako sa ulan. He’s such an ogre. Hindi ko talaga mapapalampas ito. I will definitely get my revenge,” inis na talak nito.

Tumaas ang isang kilay niya sa mga sinabi nito. Kung ihagis kaya niya ito palabas ng bintana? Siya, ogre? Tiningnan niya ito nang matalim.

“Well, you can’t kill him right now, Miss dela Luna. Dahil sa mga oras na ito, siya lang ang lifeline mo. Unless gusto mo ulit maglakad sa ulanan,” sarcastic na sabi niya sabay ngisi sa dalaga.

Namilog ang mga mata nito when realization struck. Ang buong akala niya ay magtatatalak na naman ito at magbubuga ng apoy subalit tiningnan lang din siya nito nang matalim bago muling nanahimik at pumikit.

Well, she could get all the revenge that she liked pero habang ginagawa nito iyon ay sisiguraduhin niyang makakaganti rin siya sa kamalditahan nito. He would teach her a lesson that she would never

The Real Gem - Chelsea Enriquez

forget. Napangisi siya habang iniisa-isa ang mga plano niyang gawin kay Alexa dela Luna.

2

Nawala na ang ngisi sa mga labi ni Jacob at napalitan na iyon ng kunot sa kanyang noo nang sa wakas ay marating nila ang kanyang munting bahay. Pagkababang-pagkababa ng *kamahalan* ay kaagad na inutusan siya nitong ipaghanda ito ng pampaligo at kahit na anong makakakain. Nang magtangka siyang magreklamo ay biglang tila nanlambot at gininaw muli ang babae.

Sabagay, sa payat nito ay malamang na tangayin nga ito ng malakas na hangin sa labas. She looked like a rag doll with her curly hair pasted on her head, her skin translucently white, and her lips quivering from the cold. Hindi ito kamukha ng glamorosa at sikat na modelong madalas na laman ng mga magazines at mga fashion events. She was tragically standing there looking so helpless. At dahil matulungin siya ay pinalampas na niya ang pagiging high and mighty nito at mabilis na tumalima.

Iginiya niya ang dalaga sa loob ng kanyang bahay. Kaiba sa ibang mga bahay na nakatayo sa paligid ng lupaing pag-aari niya, tanging ito lamang ang yari sa bato. It was a two-bedroom house, with a small sala,

a bathroom and a kitchen. Halos basic din ang laman ng bahay niya, isang sala set, maliit na telebisyon, kalan, dalawang electric fan at dining set. Sa likod ay may isang poso kung saan kumukuha ng tubig dahil hindi uso ang running water sa naturang sitio. One of the bedrooms served as his clinic. Doon ay may isang hospital bed at ilang mga kagamitan na puwedeng gamitin ng isang pasyente. Kadalasan ay first aid lang ang nailalapat niya sa mga pasyente niya. Kung talagang grabe ang lagay, ang kanyang sasakyan ang nagsisilbing ambulansya kung kailangang i-transfer ang may-sakit sa hospital sa bayan.

Kinapa niya ang switch ng ilaw, kumalat ang liwanag sa buong kabahayan. Muli niyang pinagmasdan si Alexa, mukhang nanginginig na nga ito sa sobrang ginaw. Hinubad na lang niya ang kanyang basang t-shirt. Napansin niyang naglandas ang mga mata nito sa hubad na dibdib niya bago nito iniiwas ang mga mata. Nagkibit-balikat na lamang siya at tinungo ang kusina upang mag-init ng tubig na pampaligo nito. Pagkatapos ay lumabas siya upang mag-igib ng tubig sa poso.

Nakaramdam siya ng kaunting ginaw nang tumama ang malamig na tubig ulan sa kanyang balat. Paano nangyari na siya pa ang naghahanda ng pampaligo para sa babaeng iyon? He was actually

feeling a little bit worried and responsible for her at the moment. Sa totoo lang ay hindi naman kasi niya inaasahan na talagang magpupunta ito sa Sitio Palay. Knowing her snobbish reputation, he expected her to send a minion to talk to him. Pero ang personal itong magpunta para lang makausap siya—kahit na ba iyon ang demand niya—ay hindi niya talaga inaasahan.

Naalala niya ang unang araw na nakita niya ito. It was at a charity event for children with cancer. Isa sa mga batang babae ang may idol dito kaya naman super excited talaga ang bata na makita ang dalaga. Close siya sa batang iyon dahil bukod sa may kakulitan ay parang napaka-refreshing ng paggiging bibo nito. The little girl was always in pain, but she smiled all the time as if everything was going to be all right. Na para bang wala itong malubhang sakit.

Siya man ay excited noon na makita ang dalaga na idolo ng paborito niyang pasyente. At maging siya ay hindi napigilan na humanga sa kagandahan ni Alexa. She was graceful and elegant as she entered the function hall. Ang ngiti sa mga labi nito ay sapat na upang magliwanag ang buong lugar. She was like an angel, a fairy tale princess with her long black hair, catlike eyes and pink chiffon dress.

Napansin niyang nanlaki ang mga mata ng

paborito niyang pasyente nang makita ang dalaga. Hindi rin nawala ang ngiti sa mga labi nito. Bakas doon ang kaligayahan at ang pag-asa. Malamang na hiniling din nito sa langit gabi-gabi na mawala na ang sakit nito upang maging modelo rin katulad ng idolo nito. He was so happy for her and was even beginning to admire Alexa dela Luna for sharing her time with the children.

But the image was shattered after the show. Bago makaalis ang dalaga ay hinabol niya ito upang makahingi ng autograph para sa batang pasyente niya. At doon ay lumabas ang tunay na kulay ng dalaga.

“At last, I’m done here. I really can’t stand being with those kids. Kung hindi lang sa charity event ito ni Lola ay hinding-hindi nila ako mapapapayag na pumunta rito.”

Natigilan siya sa paglalakad nang marinig ang reklamo nitong iyon.

“Well, tapos na, girl, kaya huwag ka nang magreklamo diyan. Let’s go to the spa para mawala ang stress mo,” aya ng kasama nito.

Bigla ay naalala niya ang kanyang pakay. Hinabol niya ang dalaga.

“Miss, baka puwedeng magpa-autograph,” aniya

nang makalapit. Tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa at parang nababasa na niya ang naglalaro sa utak nito. Sa gilid ay kinikilig ang kasama nito at mapangakit na nakangiti sa kanya. Hindi niya ito pinansin, ang buong atensyon niya ay nasa dalaga.

Kinuha nito ang papel mula sa kanya at humingi ng ballpen. “What’s your name?” tanong nito.

“That’s not for me; it’s for one of the kids. Her name is Nina at idol ka raw niya,” tiim-bagang na sabi niya. Kung siya lang ang masusunod ay hindi na niya hahayaan na maging kagaya ng babaeng ito si Nina, lamang ay ayaw niyang malungkot ang bata kaya kahit labag sa loob niya ay nagpapa-autograph siya sa babaeng ito.

Pinirmahan nito ang papel at ibinigay sa kanya. Bago pa siya makapagpasalamat ay inakay na nito ang kasamahan at iniwan siya. At nang mga sandaling iyon ay isa lang ang gusto niya, iyon ay ang huwag nang makita pa ang babae.

Subalit sadya yatang mapaglaro ang tadhana dahil heto nga at ipinag-iigib pa niya ng pampaligo si Alexa. He was annoyed. He gritted his teeth and carried the water inside.

Natagpuan niya ang babae na nakaupo sa isang

monobloc chair. Nakasubsob ang mukha nito sa mesa. Bahagya niyang tinapik ang babae sa balikat. Umungol lang ito, hindi nagmulat ng mga mata.

“Ready na ang tubig mo. Maligo ka na para makapagpalit ka ng damit. Baka magkasakit ka pa.”

Nanatili sa posisyon ang dalaga. She was ghastly pale. May ilang butil ng pawis na tumulo sa noo nito at parang hirap ito sa paghinga. Sinalat niya ang noo ng dalaga, she was hot. Maging ang hininga nito ay sobrang init.

Shit! Mataas ang lagnat nito.

Tinungo niya ang kusina at pinatay ang stove. Ibinuhos niya ang mainit na tubig sa malaking balde sa banyo at tinimpla ang tubig. Sunod ay binuhat niya ang dalaga sa loob ng banyo.

She moaned in protest nang tanggalin niya ang basang damit nito subalit nanatili itong tila tulog at walang malay. Wala na siyang inaksayang sandali. Mabilis na pinaliguan niya ang dalaga, careful not to touch her intimate parts. Her skin was warm and soft to touch. Doktor siya, and he had seen a lot of naked bodies in his profession, at sinisiguro niya sa sarili na walang malisya ang ginagawa niyang ito sa dalaga. But as his hand gently ran over her body, hindi

niya mapigilan ang init na gumapang sa kanyang pagkatao. Huminga siya nang malalim. He needed to stay in control. Napaka-unethical na makaramdam siya ng ganito sa isang pasyente. The only reason he could think of at the moment for the heat engulfing him was the fact that he had been living like a monk for the last two years of his life. Tama, iyon lang ang dahilan kaya ngayong may hubad at magandang babae sa kanyang harapan ay naghuhumentado ang hormones niya. Muli ay huminga siya nang malalim at pinilit na pakalmahin ang sarili.

He soaped her armpits, neck and stomach. It was not an easy task because the girl was leaning over him like a sack. Ang ulo nito ay nakapatong sa kanyang balikat. Mabilis na binanlawan niya ito at ibinalabal sa katawan ng dalaga ang tuwalya.

Dapat sana ay sa clinic niya ito dadalhin subalit may masamang pangitain siya kung ano ang mangyayari kinabukasan kung magigising ito sa hospital bed. So he settled her nicely on his bed. Napansin niya na nanginginig ang mga kamay niya nang sa wakas ay maisuot na niya ang isang T-shirt niya sa dalaga.

Kinunan ni Jacob ng temperature ang babae, medyo mataas pa rin ang lagnat nito. Kumuha siya ng

gamot at pinainom si Alexa sa kabila ng pagpoprotesta nito. She then drifted into oblivion, snuggling on his favorite pillow. Mataman niyang pinagmasdan ang babae. She looked so helpless, like a little child. Tila nabura ng natutulog na mukha nito ang arogante at malamig na personalidad na nakita niya noon dito.

Nagpakawala siya ng hininga bago nagpasyang lumabas ng silid.

“Damn! My head hurts.” Alexa slowly opened her eyes and blinked twice as she was greeted by the unfamiliar furnishings of the room. She sat up straight on the bed, clutched the blanket to her chest, and scanned her surroundings.

Pinakiramdaman niya ang sarili, parang wala namang nagbago, except for her head—it was pounding. Her stomach was rumbling, too. Pero hindi siya hubad, oversized T-shirt at boxer shorts ang suot niya. Wala naman sigurong ginawang masama sa kanya ang lalaking iyon.

Bigla ay rumagasa sa kanya ang nangyari nang nakaraang araw—ang lalaking tumulong sa kanya. Sa sobrang pagod at gutom kaya siguro siya nawalan ng malay. Ni hindi nga niya naramdaman na nailipat

na siya ng lalaki ng silid.

Shit! Malamang ay ang lalaki rin ang nagpalit sa basang damit niya. Ibig sabihin ay nakita nito ang... she turned red at the thought. She was a model by profession and she'd modeled quite a lot of revealing clothes. But no man had ever seen her intimately. She was not called an ice queen for nothing. Maingat siya sa katawan niya, at mapili rin siya sa mga projects na tinatanggap. Tiyak kasi na mamamatay sa kahihiyang ang lola niya kapag nag-pose siya nang hubad. At mas gusto niyang rumampa suot ang iba't ibang klase ng gowns. Pakiramdam niya kasi ay prinsesa siya kapag gown ang suot niya.

Nasa ganoong estado siya ng pag-iisip nang marinig niya ang isang katok mula sa labas. Kasunod niyon ay ang maingat na pagbukas ng pinto at pagsilip ni Doc Jacob Bernardino.

Nahigit niya ang kanyang hininga nang mapagmasdan ang lalaki. Kagabi ay masyado siyang distraught at stressed out sa experience niya sa daan kaya ni hindi niya na-appreciate ang hitsura nito. Idagdag pa na isinusumpa niya nga ang lalaki at isinisisi rito ang lahat ng kamalasang inabot niya.

But in broad daylight, with an almost sheepish smile on his lips, she realized that he was really good-

looking. He had deep, dark eyes, a strong arrogant jaw and a straight, perfect nose. His lips were a bit in contrast with the dark, manly appearance of his face. His lips were full and pink. How could a man have such kissable lips?

He was tall and lean, with muscles at the right places. And last night she had seen his flat washboard stomach. He could actually model for denims... or underwear. With his physique...

But here he was, wearing a white shirt and a white coat with a stethoscope around his neck.

Nilapitan siya nito at sinalat ang kanyang noo. “How are you feeling?” tanong nito, inipit ang thermometer sa kilikili niya.

“I have a terrible headache and I’m a bit hungry but I think I’m okay now,” aniya. Hindi pa rin niya maialis ang mga mata sa mga labi nito. She felt her face burn when he met her gaze.

“Well, the hungry part’s a good sign.” He checked her pulse at nang makita na ang temperature niya ay napatango ito. “Wala ka nang lagnat. If you’re up to it, may pagkain na sa kusina. I’ll wait for you there. You can then explain to me why you wanted to see me.” Tumayo na ito at akmang lalabas na sana ng

silid nang bigla niya itong tawagin.

“Did you change my clothes?” She tried hard not to look embarrassed about it, pero malamang na namumula ang mukha niya dahil bigla itong ngumiti sa kanya.

“Don’t worry, I didn’t see anything. And besides, I’m a doctor, sanay na akong nakakakita ng katawan ng tao,” he said nonchalantly.

She nodded. Nang hindi na siya muling umimik ay lumabas na rin ito ng silid.

Mabilis na tumayo siya mula sa kama. She almost forgot the reason why she was in this situation. Wala siyang dapat aksayahing panahon. She needed to get her hands on the ruby brooch para makaalis na siya sa lugar na iyon.

3

Tumaas ang isang sulok ng labi ni Jacob nang sa wakas ay lumabas na ang kanyang bisita sa silid. She was wearing a white loose shirt with a bunny on the front and pedal pushers. Her long hair was pulled up in a pony tail; she looked so refreshingly young—without any trace of makeup. In fact, he loved this laid-back look rather than the sophisticated princess image.

Patingkayad na tinungo nito ang mesa. Bigla ay naalala niyang bigyan ito ng tsinelas. Naglabas siya ng tsinelas na goma mula sa shoe rack at ibinigay rito.

“Here. Don’t worry, wala akong alipunga,” aniya nang mukhang dubious na naman ito sa tsinelas na bigay niya.

Alanganin itong tumango at isinuot iyon. Again, she didn’t say thank you, na para bang naroon siya upang pagsilbihan ito.

Tiim-bagang siyang umupo sa isang silya at nagumpisang kumain. Ginisang corned beef at sunny side up eggs, toast and plain rice ang almusal nila. Nagluto rin siya ng chicken soup at baka mabigla ang

sikmura ng kanyang pasyente.

She put some soup on a bowl and ate silently. Manaka-naka ay tinatapunan niya ito ng tingin, naghihintay sa kung anumang sasabihin nito.

“So why did you come here?” tanong ni Jacob nang hindi na matagalan ang pananahimik nito.

Nag-angat ang dalaga ng mukha at mataman siyang pinagmasdan bago nagsalita.

“I’m here because of the ruby brooch,” tipid na sabi ni Alexa.

Kumunot ang kanyang noo, and then he remembered the brooch that his mother gave him when he was eighteen. Paano nalaman ng babaeng ito ang tungkol sa alahas na iyon?

“Bakit ka interesado sa brooch na ’yun?” he probed.

“It was a family heirloom. Ninakaw ito noon sa lola ko. She actually spent almost half of her life looking for the lost heirlooms and found out that her precious jewels were sold to very rich families. Of course, she tried to buy them back kaso tinanggihan ng mga ito ang offer niya. Naging bahagi na raw kasi ng heirlooms ng mga pamilyang iyon ang mga

alahas.” She paused and looked at him.

Parang nahuhulaan na niy Jacob ang susunod na sasabihin nito. Gumuhit sa alaala niya ang nasabing heirloom. It was a rose-shaped ornament, red as blood. Ang tangkay niyon ay gawa sa iba’t ibang uri ng gemstones at may isang maliit na dahon na gawa sa maliliit na diamond.

According to his mother, wedding gift daw iyon ng lolo niya rito at sinabi ng ina sa kanya na ipapasa raw iyon sa unang lalaking apo.

“You are the new owner of the brooch, right? Kailangang mabawi ko iyon sa ’yo sa kahit na anong paraan dahil nakatali roon ang mamanahin ko sa lola ko,” dagdag ni Alexa.

Hindi niya kinumpirma ang sinabi nito.

“Paano nalaman ng lola mo na nasa pamilya namin ang brooch?” tanong niya.

“I told you, she lived and breathed for those heirlooms. At nang mahanap niya at hindi nakumbinsi ang mga bagong may-ari na ibenta iyon sa kanya ay ipinasa niya sa aming magpipinsan ang task na mabawi ang mga iyon,” paliwanag nito.

“At hindi mo makukuha ang mana mo kung hindi

mo ako makukumbinsi na ibalik ang heirloom sa 'yo?" tanong niya, nakangiti.

"Yes, I'll do anything to get it," determinadong sabi nito.

"Gagawin mo talaga ang lahat para makuha ang brooch?" Tumaas ang isang sulok ng labi niya.

It seemed like fate had handed him the opportunity to give this witch a lesson that she would never forget.

"Anything! I can buy it from you. Nasa seven million pesos ang current price n'un, the estimate, at least. It's a large sum, pero mas malaki ang mamanahin ko sa lola ko kung maibabalik ko sa kanya ang brooch." She sounded so fierce, and so sure of herself.

He didn't think it would hurt if he burst her bubble now.

"Well, kung talagang desidido ka na makuha ang brooch mula sa akin, then..." Ibinitin niya ang sasabihin, at namilog ang mga mata nito sa antisipasyon, "...be my wife."

Tila bombang sumabog ang mga katagang iyon sa tahimik na kusina niya. Lalong namilog ang mga mata ni Alexa dela Luna, her mouth was open in

astonishment. Tila hindi ito makapaniwala sa narinig.

“No way!” she exclaimed when she finally realized that he was not joking. “I won’t marry you para lang sa brooch!” dagdag pa nito na tila ba isang nakaririmarim na bagay ang magpakasal sa kanya.

Tuluyan na itong napatayo mula sa hapag-kainan.

Ipinatong niya ang kamay sa mesa at mataman itong pinagmasdan, a small smile on his mouth. “Fine. Ayaw din naman kitang maging asawa, but that’s the only way you can get your hands on that brooch. I won’t sell or give it to anyone. Only my future wife has a right to it.” Sumandal siya sa upuan.

He could see that she was fuming, the girl’s face was a bit flushed.

“Kung wala ka nang sasabihin, perhaps you can pack your things now and leave. Marami pa akong kailangang asikasuhin,” aniya, na lalong ikinatameme nito.

She couldn’t be taking the dismissal very lightly. He bet she was not used to being taken for granted.

Sa pagkamangha niya ay tumalikod ito at pumasok sa silid niya. Ilang saglit pa ay lumabas na ito hila-hila ang luggage nito at walang paalam na

lumabas ng bahay.

Bumuntong-hininga siya. “Good riddance.”

Nagpatuloy siya sa pagkain upang masimulan na rin niya ang gawain sa kanyang klinika. Hindi niya alam kung saan galing ang panghihinayang sa likod ng utak niya.

Ito na ang pagkakataon niya na ipakita sa aroganteng dalaga na hindi nito pag-aari ang mundo. Nagkibit-balikat na lamang siya, malamang na hindi na magkrus muli ang mga landas nila kaya hindi na niya ito dapat na isipin pa.

“Bastard! Be his wife? He’s totally insane!” inis na sigaw ni Alexa habang binabagtas ang daan palabas ng sitio.

Alam niyang ilang kilometro pa ang babagtasin niya, she was hoping that she’d get lucky this time and get some help from the people. Ang kaso, halos kalahating oras na siyang naglalakad at naghihimutok ay wala pa rin kahit paragos ng kalabaw na dumadaan.

“I really hate him. Ipapakulam ko talaga siya kapag nakabalik ako ng Maynila.” Naisabunot niya ang kanyang mga daliri sa kanyang buhok sa sobrang

frustration. Nasa ganoon siyang sitwasyon nang biglang may matanaw na paparating na owner type jeep.

Agad na kinawayan niya ito, suwerteng huminto naman ang sasakyan sa harapan niya. Napaurong siya nang makita ang mga sakay ng niyon. Agad na binundol ng kaba ang kanyang dibdib. Bakit ba puro kamalasan ang inaabot niya sa lugar na ito? The three guys appeared to be in their teens, and the lecherous smiles on their faces were more than enough for her to want to scurry back to that arrogant doctor's house and ask for his help.

“Miss, naligaw ka yata?” anang isa, at walang pakundangan na pinaglandas nito ang mga mata sa kabuuan niya.

She suddenly felt cold. She seemed to be really running out of luck this time.

“I'm sorry. Napagkamalan ko lang ang sasakyan ninyo. Hinihintay ko ang asawa ko,” pagdadahilan niya, naglakad na palayo sa mga ito subalit naramdaman niya na sumunod ang mga binatilyo.

Akalain ba niya na hanggang sa probinsya ay may mga ganitong tao? Pero sa suot ng mga ito, masasabi niyang may kaya ang mga lalaki at marahil ay dayo

rin ang mga ito.

“Mukhang hindi na darating ang mister mo, *Misis*,” anang lalaki, diniinan ang huling salita. “Bakit hindi ka na lang sumabay sa amin? Ihahatid ka namin saan ka man pupunta,” anang isa.

Then she heard them laugh, and the sound was sickening. Malamang ay lango ang mga ito sa droga o sa alak—hindi niya alam. Ang tanging alam niya ay kailangan niyang makatakas sa mga ito.

“Hindi na kailangan, darating siya.” Tinapunan niya ng masamang tingin ang mga hinayupak na nagtawanan pa.

“Come on, Honey, we’re just trying to help.” Katabi na niya ang isa at akmang kukunin sa kanya ang gamit niya.

Mabilis na hinampas niya ang kamay nito.

“Bakit ba ang arte mo, ha?” Hinablod ng lalaki ang palad niya.

Sumunod ang dalawa pa at nagtulong ang mga ito. Alam niyang ang balak ng mga ito sa ngayon ay isakay siya sa owner. Ayaw na niyang isipin ang iba pang masamang plano ng mga ito. Akalain ba niyang sa Sitio Palay pa siya makararanas ng ganito? Sa

Manila ay halos magdamagan siya kung mag-party pero...

Pinagsisipa niya ang mga lalaki. She was furious and scared at the same time. Nagulantang silang lahat nang may biglang bumusina mula sa likuran. Nakahinga siya nang maluwag nang makilala ang paparating na sasakyan.

“Anak ng pating, wrong timing naman, o!” usal ng isa.

Kaagad na itinulak niya ang mga nalingat na lalaki at tinakbo ang paparating na jeep. Nagsakayan naman ang mga attackers niya sa sasakyan ng mga ito. Tinandaan niya ang plaka, she would definitely sue those monsters and see them in jail.

Bumaba sa sasakyan si Jacob at sinalubong siya. Madilim ang mukha nito at sinundan ng tingin ang papalayong owner. Hinawakan siya nito sa balikat at pinasadahan ng tingin.

“Are you okay?” Puno ng concern ang tinig nito. “Those guys didn’t do anything to you, right?” He gently touched her face and willed her to look at him.

“I’m okay. Mabuti na lang at dumating ka.” Nanginginig ang mga tuhod niya, at ramdam niya ang malakas na tibok ng kanyang puso.

“I’m glad I did come after you. Ayokong isipin kung ano ang nangyari sa ’yo kung hindi ko napansin na naiwan mo ang underwear mo sa bahay,” he blurted out.

Napamulagat siya sa sinabi nito. Akala pa naman niya ay sadyang sinundan siya ng binata, iyon pala ay inihabol lang nito ang underwear niya.

“So hinabol mo ako dahil lang sa underwear ko?” nakataas ang kilay na tanong niya sa lalaki.

Tumango ito at bahagyang ngumiti na lalong ikinairita niya. Akala pa man din niya ay naawa na ito sa kanya kaya ito sumunod. And here she was, imagining him as her knight in shining armor.

“Bakit? Akala mo ba hinabol kita dahil concerned ako? O baka naman iniisip mong gusto talaga kitang pakasalan? Well, Miss Alexa dela Luna, hindi lahat ng lalaki ay nabubulag sa kagandahan mo. You may be beautiful but that’s just it, deep inside you’re nothing but trash.” Mapang-uyam ang tingin nito.

Naramdaman niyang tumaas nang ilang degrees ang init ng ulo niya. This time she was cursing the man to the deepest pit of hell.

“So if you’re okay now, you may continue with your walk at marami pa akong gagawin.” Inilabas nito

ang isang paper bag at iniabot sa kanya, pagkatapos ay walang lingon na binalikan nito ang nakaparadang sasakyan.

She was livid. She could imagine a thousand ways of murdering the annoying bastard. She wanted to strangle him, wanted to burn him alive. Pero bago iyon gusto niyang ipakain dito ang lahat ng sinabi nito sa kanya kanina. Hindi siya nito kilala para sabihan siya nito ng ganoon. Wala itong karapatang husgahan siya.

Hinila niya ang kanyang bagahe at sinundan ito. Sinipa niya ang pintuan ng kotse at minuwestrahan ang lalaki na buksan iyon.

“Open this damn door!” sigaw niya.

Kumunot ang noo ng binata at kaagad na bumaba sa sasakyan.

“Why do you hate me so much, you bastard?” tiim-bagang na tanong ni Alexa nang makalapit ito.

He was towering over her kahit pa halos 5’6 na ang height niya. But she stood her ground, tumingala siya at nakipagsukatan ng tingin sa lalaking nagpagulo ng maayos at payapang buhay niya.

“The charity event for the cancer patients,”

Blangko ang ekspresyon sa mukha niya lalo't hindi niya maalala ang sinasabi nito. "How dare you act so kind in front of those children 'tapos maldita ka pala kapag wala na sila?" Puno ng galit ang mga mata nito.

Biglang naalala niya ang charity event na iyon. Hindi niya matandaan kung nagkita sila pero...

"You wouldn't understand kahit na sabihin ko sa iyo." Hindi niya gusto ang kinaaawaan at malamang ay ganoon din ang damdamin ng mga batang iyon. That was why she hated such events. It reminded her of the things...

Don't go there, anang isip niya.

"I understand it very clearly, Miss dela Luna." Jacob's voice was menacingly cold.

Alam niyang hindi nito maiintindihan. From the sound of his voice, nararamdaman niyang hindi rin ito maniniwala kahit magpaliwanag siya. At wala siyang balak na gawin iyon para sa lalaking ito. Lalo't galit pa rin siya sa mga sinabi nito sa kanya.

She would make sure that he'd regret treating her this way. She'd make him wish that he had never crossed path with a dela Luna.

"I'm coming with you," seryosong sabi ni Alexa,

hindi inaalis ang mga mata sa mukha nito.

A smile crossed his full lips at napalunok siya. Why did he have to look so adorable when smiling? Kumunot ang noo niya sa naisip.

He's the enemy, Alexa. He shouldn't be adorable in your eyes, smiling or otherwise, kastigo niya sa sarili.

Pinaningkit niya lalo ang kanyang mga mata at bahagyang tumingkayad upang ipakita sa binata na hindi siya nito mai-intimidate.

“Are you going to marry me now? Bakit nagbago ang isip mo?” Jacob was whispering and the warmth of his breath made her swallow hard.

He was too close, na automatic na umangat ang mga kamay niya upang itulak ito palayo. She saw amusement in his eyes and was annoyed when she heard him tsked. Ibinaba niya ang kanyang mga kamay at muling hinarap ang kalaban gamit ang pinakamatamis na ngiti na kaya niyang i-summon.

“If I marry you, ibabalik mo ba talaga sa akin ang ruby brooch?” Umangat ang isang kamay niya at pinaglandas iyon sa dibdib nito. She had the satisfaction when that annoying adorable smile disappeared. Bigla ay tumiim ang tingin ng lalaki sa kanya at nakita niya ang paghigit nito ng hangin.

“Only if you’ll see to my needs.” His gaze lingered on her mouth before returning to her eyes. “Kung pasado ka sa hinahanap ko sa isang asawa. I’ve certain... requirements.”

She found herself breathing hard with the way he was staring at her. What’s with this atmosphere? Pakiramdam niya ay nakikipaglaro siya ng apoy sa lalaki. She calmed herself and tried to focus on the battles ahead. This was definitely going to be a war.

Hindi niya alam kung bakit naapektuhan siya nang ganito sa mga binitiwang nitong salita. She never cared about other people’s opinion. Madalas ay nagkikibit-balikat lamang siya kapag may mga negatibong bagay siyang naririnig tungkol sa kanya. But this man seemed to bring all the worst feelings in her. Pakiramdam ni Alexa ay minamaliit nito ang pagkatao niya.

“Sabihin mo, anu-ano ba ang requirements mo sa isang mapapangasawa?” tanong niya.

Ngumisi si Jacob, kung para saan iyon, hindi niya alam. Ang tanging nasa isipan niya ay kailangan niyang mabura ang ngising iyon ng lalaki.

“Hindi ko alam kung kakayanin mo ang first requirement ko,” anito na ipinanggigil niya.

Sinasabi na nga ba niya at minamaliit talaga nito ang kakayahan niya.

“Try me. I’m not the type to give up easily,” hamon niya. She’d had her share of struggles. Alam niyang matatag siya.

“My wife has to stay wherever I am. And I’m planning to stay in this place for good. So, Alexa, can you do it?” Nakatitig ito sa mga mata niya at ang ekspresyon na rumehistro roon ay hindi niya makakalimutan buong buhay niya.

Siya ang tipo ng tao na hindi sumusuko hangga’t hindi nakukuha ang gusto. Matira ang matibay; sa huli ay sisiguraduhin niyang hindi nito kakayanin ang mabuhay nang wala siya.